

Panghuling Panawagan

ni Ka Rene Magtubo
Chairperson, PM
1st Nominee, 2010 party-list elections

Ilang linggo na lang ay araw na ng eleksyon. Ako ay personal na sumusulat sa mga member at supporter ng Partido ng Manggagawa (PM) upang managawan na tiyakin ang ating tagumpay sa halalan. Anuman ang mangyari sa Mayo 10 ay nagpapasalamat ako sa lahat ng leader, member at supporter na kumilos at tumulong. Pero lumahok tayo sa partylist elections hindi lang para magpahayag kundi para manalo. Kinakailangan ng mga manggagawa at maralita ng boses sa Kongreso at ito ang ating nilalayan sa pagpasok sa party-list elections.

Bago ang lahat ay nais ko lang mag-ulat sa inyo sa ngalan ng pamunuan ng PM. Naidaos natin ang regular na kongreso ng PM noong Marso 22 at 23. Muling inihalal ang inyong lingkod ng humigit-kumulang 120 delegado mula sa buong bansa bilang Chairperson. Ako rin ang napiling unang nominee.

Ang iba pang nahalal na nominee ay ang sumusunod:

- 1) Gerry Rivera: PM Vice-Chair at President ng PAL Employees Association
- 2) Judy Ann Miranda: PM Secretary-General at kilalang mukha ng PM sa mga pagkilos
- 3) Wilson Fortaleza: Sanlakas President at editor ng ating pahayagang Workers Digest
- 4) Malou Parroco: Vice President ng Central Negros Electric Cooperative Employees Union

Malugod kong ibinabalita na matagumpay ang kongreso ng PM at nagkakaisa ang mga delegado sa resulta nito. Kung paano natin hinarap at nilutas ang mga problema para matagumpay na mailunsad ang kongreso ng PM ay ganun naman natin reresolbahin ang nalalabing mga hamon sa huling yugto ng kampanyang elektoral.

ni Ka Rene Magtubo
Chairperson, PM
1st Nominee, 2010 party-list elections

Ilang linggo na lang ay araw na ng eleksyon. Ako ay personal na sumusulat sa mga member at supporter ng Partido ng Manggagawa (PM) upang managawan na tiyakin ang ating tagumpay sa halalan. Anuman ang mangyari sa Mayo 10 ay nagpapasalamat ako sa lahat ng leader, member at supporter na kumilos at tumulong. Pero lumahok tayo sa partylist elections hindi lang para magpahayag kundi para manalo. Kinakailangan ng mga manggagawa at maralita ng boses sa Kongreso at ito ang ating nilalayan sa pagpasok sa party-list elections.

Bago ang lahat ay nais ko lang mag-ulat sa inyo sa ngalan ng pamunuan ng PM. Naidaos natin ang regular na kongreso ng PM noong Marso 22 at 23. Muling inihalal ang inyong lingkod ng humigit-kumulang 120 delegado mula sa buong bansa bilang Chairperson. Ako rin ang napiling unang nominee.

Ang iba pang nahalal na nominee ay ang sumusunod:

- 1) Gerry Rivera: PM Vice-Chair at President ng PAL Employees Association
- 2) Judy Ann Miranda: PM Secretary-General at kilalang mukha ng PM sa mga pagkilos
- 3) Wilson Fortaleza: Sanlakas President at editor ng ating pahayagang Workers Digest
- 4) Malou Parroco: Vice President ng Central Negros Electric Cooperative Employees Union

Malugod kong ibinabalita na matagumpay ang kongreso ng PM at nagkakaisa ang mga delegado sa resulta nito. Kung paano natin hinarap at nilutas ang mga problema para matagumpay na mailunsad ang kongreso ng PM ay ganun naman natin reresolbahin ang nalalabing mga hamon sa huling yugto ng kampanyang elektoral.

Ang pangunahin nating inaasahan na pagmumulan ng boto ng PM ay ang boto ninyo at ang boto ng inyong mga kamaganak, kaibigan, kakilala, ang tinatawag nating K. Sa nakalipas na mga buwan ay ito ang ating sama-samang pinagsumikapan.

Ngayong nalalapit na ang araw ng eleksyon, hinihiling ko sa inyo na siguraduhing hindi masasayang ang ating pinagpaguran. Tiyakin nating ang ating boto at ang boto ng ating mga K ay madedeliver sa araw ng eleksyon. Sapat ang inyong boto at ng inyong mga K para manalo ang PM. Dapat lang nating magawa ang sumusunod: 1. Ilista ang pangalan at contact number ng inyong mga K

2. Mangampanya sa lahat ng inyong K na iboto ang PM sa pamamagitan ng personal na pagkausap o sa text at tawag sa cellphone

3. Ituro sa inyong mga K ang tamang paraan ng pagboto—sa balota ay itiman ang bilog sa tapat ng 171. PM (MANGGAGAWA)

4. Paalalahanan ang inyong mga K na isa lang ang iboboto para sa party-list

5. Tiyakin na ang inyong pangalan ay nasa voters list at alamin ang inyong presinto

6. Maagang bumoto sa araw ng eleksyon upang makaiwas sa mahabang pila at iba pang problema

7. Siguraduhing kasama mong bumoto ang inyong pamilya

8. Mas mahusay kung maioorganisa mo ang pagboto ng mga member at supporter sa komunidad
9. Bumalik sa inyong presinto sa panahon ng bilangan ng boto at kunin ang ulat sa nakuhang boto ng PM
10. Mas maganda kung makukuha rin ang resulta sa ibang presinto at iulat ito sa lider ng PM sa komunidad na magpapadala ng report sa PM headquarters

Bilang pagtatapos, nananawagan ako sa inyo na iboto din ang mga kandidatong kaibigan ng PM. Alam naman ninyo kung sino ang mga pambansa at lokal na kandidatong ang plataporma ay tumutugon sa mga kahilingan ng manggagawa at maralita, at tumulong sa PM sa panahon ng kampanya. Ang pakikipagtulungan natin sa kanila ay di lang sa yugto ng eleksyon kundi kahit matapos ito, laluna’t kung mananalo sila at manunungkulan na.

Lagi nating binabanggit at hindi tayo magsasawang sabihin—ang tagumpay ng PM sa laban man sa halalan o laban sa kalsada ay nakasalalay sa pagkilos ng masang manggagawa at maralita. Ang inyong pagtataguyod ang pinagmumulan ng lakas ng PM. Umaasa akong sa inyong tulong ay maibalik natin ang boses ng manggagawa at maralita sa Kongreso!